**Pamagat**: Ang Doktrina ni Christo

**Texto**: 2 John 9 "Whosoever transgresseth, and abideth not in the doctrine of Christ, hath not God. He that abideth in the doctrine of Christ, he hath both the Father and the Son."
*Pagsasalin*: Ang sinumang lumalampas at hindi nananatili sa aral ni Cristo, ay hindi kinaroroonan ng Diyos; ang nananatili sa aral ay kinaroroonan ng Ama at gayundin ng Anak.

**Panimula**:

1. Sa mga "early days" ng Christianismo marami ang mga tumatanggi sa pagka-katawang tao ni Jesu-Christo. (v.7) – Mali ang kanilang doctrine of Christ.
2. Sa kapanahunan natin, marami naman ang mga tumatanggi sa ka-Diosan ni Jesus.
3. Kapag mali ang doctrine of Christ mali ang buong sistema ng Christianismo.

**I. Names and Titles of Christ**:

A. "Saviour" – Jesus (Matt. 1:21) – siya ang Tagapagligtas ng kaluluwa sa kasalanan at impiyerno. At bukod sa Kanya ay wala nang iba pa ang pwedeng maging Tagapagligtas (Acts 4:12).
B. "Redeemer" – (Isa. 59:20) – Kamaganak na tutubos (sa pagmamay-ari ng pamilya).
C. "Mediator" – (Heb. 12:24) – Tagapamagitan ng bagong tipan.
D. "God" – (Heb. 1:8) – Directa siyang tinawagang Dios, ng Dios Ama. (Jn. 20:28; Titus 2:13)
E. "Lord" – (Rom. 10:9) – Panginoon. Ang pagkakakilala sa Kanya bilang Panginoon ay nagreresulta ng kaligtasan.

**II. The Person of Christ**:

A. Truly God. – Phil. 2:6 – "form of God" (katangian ng Dios); Heb. 1:3.
B. Truly Man. – Jn. 1:14; 1 Tim. 3:16. (pero walang kasalanan) – Heb. 4:15.
C. Bilang Dios na sa langit siya habang bilang Tao siya ay na sa lupa – Jn. 3.13.
D. Colossians 2:9 – Ang kapuspusan ng kadiosan (kapunuan ng Pagka-Dios) ay nananahan sa katawan niya.

**III. The Teaching of Christ**:

A. Siya ang nagpapahayag sa Ama. (Jn. 1:18). Declared – ἐξηγήσατο (*exegesato*) (or unfold or explain or tell).
B. Ako at ang Ama ay iisa. (Jn. 10:30) – hindi lamang sa layunin, pero sa kakanyahan, kapangyarihan, at sa ka-Diosan.
C. Lk. 10:22 – Si Jesus ang tanging nagpapahayag sa Dios Ama.

**Katapusan**:

1. Kaya kapag mali ang doctrina patungkol kay Christo at ang docrtina ni Christo mismo, ito po ay delikado.
2. At dapat iukit natin sa ating mga puso ang Panginoong Jesu-Christo.
3. Sundan natin ang mga turo ng Panginoon.